# ABISO NG HINDI PANDIDISKRIMINA

Ang Sound Transit ay sumusunod sa mga Pederal at pang-estadong batas sa mga karapatang sibil at naninindigan ito sa pagbibigay ng mga programa at serbisyo nito nang walang diskriminasyon alinsunod sa:

- *Titulo VI ng Batas sa Karapatang Sibil ng 1964,* na nagbabawal sa diskriminasyon batay sa **lahi, kulay, o bansang pinagmulan** (kabilang ang **wika**).

- *Ehekutibong Utos 13166 Ipinag-aatas ng Ehekutibong Utos sa mga Pederal na ahensiya na bumuo at magpatupad ng mga sistema kung saan magagawa ng mga taong LEP na makabuluhang ma-access ang kanilang mga serbisyo at makipagtulungan sa mga tatanggap ng pederal na tulong pinansyal para magawa rin ito.*

- *Seksiyon 504 ng Batas sa Rehabilitasyon ng 1973 at Titulo II ng Americans with Disabilities Act,* na nagbabawal sa diskriminasyon batay sa **kapansanan**.

- *RCW (Revised Code of Washington, Nirebisang Kodigo ng Washington) Kabanata 49.60* na pumoprotekta sa lahat ng tao sa Washington mula sa mga hindi patas at mapandiskriminang gawain nang dahil sa **lahi, kredo, kulay, bansang pinagmulan, pagkamamamayan o status sa imigrasyon, mga pamilyang may mga anak, kasarian, katayuan sa pagpapakasal, seksuwal na oryentasyon, edad, status bilang beteranong marangal na inialis sa tungkulin o status sa militar, o pagkakaroon ng anumang kapansanan sa pandama, pag-iisip, o pangangatawan o paggamit ng sinanay na gabay na aso o panserbisyong hayop ng isang taong may kapansanan** sa mga pampublikong akomodasyon.

- *Batas sa Diskriminasyon sa Edad ng 1975,* na nagbabawal sa diskriminasyon batay sa edad.

Ang Sound Transit ay hindi naghihiganti sa sinumang kikilos para labanan ang diskriminasyon, naghahain ng karaingan, o lumalahok sa imbestigasyon ng karaingan alinsunod sa nasa itaas.

## Para Maghain ng Reklamo

Kung sa palagay mo ay nabigo ang Sound Transit na ibigay ang mga serbisyong ito o nasangkot ito sa diskriminasyon batay sa lahi, kulay, bansang pinagmulan (kabilang ang wika), kapansanan, kasarian, o edad, makakapaghain ka ng reklamo sa personal o sa pamamagitan ng koreo, telepono, o email sa pamamagitan ng:

- pagtawag sa 206-689-3302; TTY Relay 711;
- pagpapadala ng email sa: **stdiscriminationcomplaint@soundtransit.org**;
- pagsulat sa Sound Transit, Attn: Customer Service, 401 S. Jackson St. Seattle, Washington 98104-2826; o sa pamamagitan ng
- pagbisita sa mga tanggapan naming matatagpuan sa 401 S. Jackson St. Seattle, Washington 98104.

Maaaring maghain ng reklamo nang direkta sa Federal Transit Administration Office of Civil Rights, Attention: Complaint Team, East Building, 5th Floor – TCR, 1200 New Jersey Avenue, SE, Washington, DC 20590 o tumawag sa 888-446-4511.

## Impormasyon at Mga Serbisyo para sa Mga Taong May Kapansanan at Mga Taong Limitado ang Kahusayan sa English

Sound Transit:

- Nagbibigay ng mga libreng tulong at serbisyo, gaya ng mga kuwalipikadong interpreter ng sign language at nakasulat na impormasyon sa iba pang format (malaking print, audio, mga accessible na elektronikong format, atbp.), para mabisang makipag-ugnayan sa mga taong may mga kapansanan.
- Nagbibigay ng mga libreng serbisyo sa wika, gaya ng mga kuwalipikadong interpreter ng banyagang wika at impormasyong nakasulat sa iba pang wika, para matiyak ang makabuluhang access sa mga programa at aktibidad para sa mga taong limitado ang kahusayan sa English.

**Para Humiling ng Makatuwirang Akomodasyon:**
accessibility@soundtransit.org

**Para sa Tulong sa Wika:**
1-800-823-9320